



Proseso ng Nabigasyon sa Sertipiko ng Kamatayan ng Tulong sa Paglilibing ng Batas Pederal sa Pangangasiwa ng Emergency at Pangasiwaan sa Yamang Tao ng NYC

Paano ako mag-a-apply para sa mga programang Tulong sa Pagpapalibing sa COVID-19 ng Batas Pederal sa Pangangasiwa ng Emergency (Federal Emergency Management Act, FEMA) o ang Tulong sa Paglilibing sa COVID-19 ng Pangasiwaan sa Yamang Tao (Human Resource Administration, HRA) ng NYC?

- Upang mag-apply sa programa ng Tulong sa Pagpapalibing sa COVID-19 ng FEMA, bisitahin ang [fema.gov/disasters/coronavirus/economic/funeral-assistance](https://www.fema.gov/disasters/coronavirus/economic/funeral-assistance).
- Upang mag-apply sa programa ng Tulong sa Paglilibing sa COVID-19 ng HRA ng NYC, bisitahin ang www1.nyc.gov/site/hra/help/burial-assistance.page.

Paano ako makakuha ng sertipiko ng kamatayan na nagpapakita ng dahilan ng pagkamatay ng isang tao na namatay sa NYC?

Naglalabas ang Kagawaran ng Kalusugan at Kalinisan ng Isip ng NYC (Kagawaran ng Kalusugan ng NYC) ng mga sertipiko ng kamatayan sa mga pagkamatay na nangyari sa NYC (Bronx, Brooklyn, Manhattan, Queens, at Staten Island). Ang mga sertipiko ng kamatayan ay available sa sandaling naiulat ang pagkamatay ng isang tao ng medikal na pasilidad at ang kaso ay nairehistro ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC.

Kung nasasangkot ang isang punerarya, ang pinakamadaling paraan upang makakuha ng sertipiko ng kamatayan ay magpakuha nito sa direktor ng punerarya na gumawa ng mga kaayusan sa pagpapalibing. Maaaring ikuha ka ng direktor ng punerarya ng mga sertipiko ng kamatayan ng hanggang dalawang taon pagkatapos mamatay ang tao.

Kung hindi nasasangkot ang isang punerarya o hindi mo kayang magpakuha ng sertipiko ng kamatayan mula sa direktor ng punerarya, maaari kang magpakuha nito online sa vitalchek.com. Tingnan ang [web page sa mga Sertipiko ng Kamatayan](#) para sa karagdagang impormasyon sa pagpapakuha ng sertipiko ng kamatayan.

Sino ang may karapatang humiling ng sertipiko ng kamatayan na nagpapakita ng dahilan ng pagkamatay?

Ang mga sumusunod na relasyon lang ang maaaring humiling kapwa ng sertipiko ng kamatayan at dahilan ng pagkamatay: Asawa; Kinakasama; Magulang; Anak; Kapatid; Lolo o Lola; Apo; Informant na nakalista sa sertipiko; Taong responsable sa pamamahala

Magkano ang bayarin sa isang sertipiko ng kamatayan?

Bawat sertipikadong kopya ay nagkakahalaga ng \$15. Lumalapat ang mga karagdagang bayarin kapag nagpapakuha ng sertipiko ng kamatayan online.

Makakuha ba ako ng sertipikadong kopya ng talaan ng kamatayan?

Oo. Maglalabas ang Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ng sertipikadong kopya ng orihinal na sertipiko ng kamatayan. Kasama sa isang sertipikado ng NYC na sertipiko ng kamatayan ang mga katangiang panseguridad upang masiguro na tunay ang sertipiko. Kung may karapatan ka sa dahilan ng pagkamatay (tingnan ang itaas), makatanggap ka rin ng “Kumpidensiyal na Medikal na Ulat” na nagpapakita ng dahilan ng pagkamatay. Ipinapakita rin ng dokumentong ito ang pangalan ng namatay, numero ng sertipiko ng kamatayan at nakalimbag sa papel.

Paano ako makahihiling ng dahilan ng pagkamatay kung ang dahilan ng pagkamatay ay hindi naitala sa sertipiko ng kamatayan?

Mangyaring hilingin ang dahilan ng pagkamatay kapag nagpakuha ng sertipiko ng kamatayan.

May hiwalay ba na bayarin sa dahilan ng pagkamatay?

Wala. Walang karagdagang bayarin para sa dahilan ng pagkamatay.

Ano ang gagawin ko kung ang dahilan ng pagkamatay ay “nakabimbin”?

Kung ang dahilan ng pagkamatay ay “nakabimbin”, maaari mong ipagpalit ang sertipiko ng kamatayan sa loob ng tatlong buwan ng petsa ng pagkabalabas ng orihinal na sertipiko ng kamatayan. Ang petsa ng pagkabalabas ay nakatala sa pinakaibaba ng sertipiko ng kamatayan. Maaari ka ring magpakuha ng bagong sertipiko ng kamatayan na nagpapakita ng dahilan ng pagkamatay online, na matatanggap mo nang mas madali kaysa sa pakikipagpalitan ng sertipiko ng kamatayan.

Bakit ipinapakita ng sertipiko na ang dahilan ng pagkamatay ay dahil sa mga natural na kadahilanan samantalang namatay ang tao sa COVID-19?

Noong Abril 2020, pinagpasyahan ng mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit na sa kaso ng kamatayan dahil sa impeksiyong COVID-19, ang paraan ng kamatayan ay halos palaging natural.

Ano ang gagawin ko kung ang dahilan ng pagkamatay ay hindi ipinapakita ang COVID-19?

Dapat mo munang kontakin ang medikal na propesyonal o medikal na pasilidad na nagsertipika ng kamatayan para sa impormasyon sa pagpapalit ng umiiral na dahilan ng pagkamatay upang ipakita ang COVID-19 bilang pangunahing dahilan o nag-aambag na dahilan ng pagkamatay. Kung ikaw ang Informant na nakalista sa sertipiko ng kamatayan o ang tao na may kontrol sa pamamahala maaari kang magsumite ng kahilingan sa Kagawaran ng Kalusugan ng NYC upang susugan ang dahilan ng pagkamatay. Bisitahin ang [webpage sa mga Pagwawasto ng Sertipiko](#) ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC para sa mga tagubilin kung ano ang kailangan mong isumite, sa FAQ, “What is the process to correct a death certificate?” (Ano ang proseso upang maiwasto ang sertipiko ng kamatayan?).

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon.

4.11.21